**MGA PANGUNAHING KAALAMAN TUNGKOL SA SAKIT NA CORONAVIRUS & ANG PAGLAGO NITO**

**Ano ang novel (bagong) coronavirus?**

Ang novel coronavirus ay isang naiibang coronavirus na hindi pa dating nakilala. Ang virus na nagiging sanhi ng coronavirus disease 2019 (COVID-19), ay hindi kapareho ng mga coronaviruses na pangkaraniwang lumalaganap sa mga tao at nagiging sanhi ng banayad na sakit, tulad ng karaniwang sipon.

Ang diagnosis na coronavirus 229E, NL63, OC43, o HKU1 ay hindi katulad ng diagnosis na COVID-19. Ang mga pasyente na may COVID-19 ay susuriin at pangangalagaan ng ibang paraan kung ihahambing sa mga pasyenteng may karaniwang coronavirus diagnosis.

May maraming uri ng human coronaviruses kabilang ang ilan na karaniwang nagiging sanhi ng banayad na mga sakit sa upper-respiratory tract. Ang COVID-19 ay isang bagong sakit, sanhi ng bagong coronavirus na hindi pa dating nakita sa mga tao. Ang tawag sa sakit na ito ay pinili alinsunod sa "best practice external icon" ng WHO sa pangangalan ng mga bagong nakakahawang sakit ng tao.

**Ano ang mga sintomas at mga kumplikasyon na magiging sanhi ng COVID-19?**

Ang mga kasalukuyang sintomas na ini-report sa mga pasyenteng may COVID-19 ay kabilan ang mga banayad hanggang malubhang sakit sa paghinga (respiratory illness) na may kasamang lagnat, ubo, at hirap sa paghinga. Basahin ang mga Sintomas ng COVID-19.

**Paano kumakalat ang virus?**

Ang virus na ito ay unang napansin sa Wuhan City, Hubei Province, China. Ang mga unang impeksyon ay naugnay sa mga palengke ng mga buhay na hayop, ngunit ang virus ay kumakalat sa iba't ibang tao (tao sa tao). Mahalagang maunawaan na ang pagkalat ng virus sa iba't-bang tao ay maaaring tuloy-tuloy na mangyari. May mga viruses na lubos na nakakahawa (tulad ng tigdas), at may iba namang viruses na hindi masyadong nakakahawa.

Ang virus na sanhi ng COVID-19 ay mukhang madaling kumalat at manatili sa komunidad ("community spread") sa mga ilang apektadong lugar na pang-heograpiya. Ang ibig sabihin ng "community spread" ay ang mga tao ay nahawahan ng virus sa isang lugar, pati na yong mga taong hindi alam kung paano sila nahawa.

Pag-aralan kung ano ang nalalaman tungkol sa paglago ng mga bagong coronaviruses.

**Ako ba ay may panganib sa pagkaroon ng COVID-19?**

Oo. May mga kaso ng COVID-19 sa US na kaugnay ng paglalakbay at sa paglapit sa ibang tao. Ang bilang ng kaso sa US ay regular na binabago Lunes hanggang Biyernes. Tingan ang kasalukuyang bilang ng kaso ng COVID-19 sa US dito.

Ang LA County Department of Public Health ay naglalabas ng mga updates ng total na bilang ng kaso sa LA County, at lahat ng mga miyembrong lungsod nito dito.

**Dapat Ba Akong Magpasuri sa COVID-19?**

Pag nagkaroon ka ng sintomas tulad ng lagnat, ubo, at/o hirap sa paghinga, at napalapit sa isang taong may COVID-19, o kamakailan naglakbay sa isang lugar ng may malagong COVID-19, manatili ka sa bahay at tawagan ang iyong healthcare provider.  Ang mga matandang pasyente at indibidwal na mayroon underlying at malubhang kundisyong medikal o madaling kapitan ng sakit (immunocompromised) ay dapat tumawag sa kanilang healthcare provider kaagad, kahit na ang kanilang sakit ay banayad.  Kung mayroon kang malubhang sintomas, tulad ng sakit na hindi naaalis o presyon sa dibdib, pagkalito o hindi makatayo, o mala-bughaw na labi ng mukha, tawagan ang iyong  healthcare provider o emergency room at kaagad na magpagamot.  Ang iyong doktor ay magpapasya kung mayroon kang sintomas ng COVID-19 at kung kailangang kang suriin.

**Maaari bang ang isang tao na nag-test negative at pagkalipas ng panahon ay nag-test positive sa COVID-19?**

Gamit ang CDC-developed diagnostic test, ang negatibong resulta ay nangangahulugan na ang virus na sanhi ng COVID-19 ay hindi nakita sa sample ng tao.  Sa maaagang stages ng impeksyon, posible na hindi makita ang virus.

Sa COVID-19, ang negatibong resulta ng test sa sample na nakolekta habang ang tao ay may sintomas ay malamang na nagangahulugan na ang COVID-19 virus ay hindi sanhi ng kanilang kasalukuyang sakit.

**Ang tao bang na-kuwanrentina dahil sa COVID-19 ay maaaring maglipat na sakit sa iba?**

Ang ibig-sabihin ng quarantine ay ang paghihiwalay ng isang tao o grupo na nalantad sa isang nakakahawang sakit subalit hindi pa nagkaron ng sakit (sintomas) sa ibang tao na hindi nalantad, upang maiwasan ang posibleng paglago ng naturang sakit Ang quarantine ay karaniwang itinatatag para sa panahon ng incubation ng nakakahawang sakit, na ang haba ng panahon kung kailan ang mga tao ay nagkasakit pagakatapos malantad. Sa COVID-19, ang panahon ng quarantine ay 14 araw mula sa huling petsa ng pagkalantad. Ang taong inilabas mula sa kuwarentina ng COVID-19 ay ituturing na hindi sanhi ng panganib sa paglipat ng virus sa ibang tao dahil hindi sila nagkaroon ng sakit sa panahon ng incubation.

**Ang tao bang nagkasakit ng COVID-19 ay maaaring makahawa ng sakit sa ibang tao?**

Ang virus na sanhi ng COVID-19 ay lumilipat mula sa isang tao at lilipat ito sa isa't-isang tao.  Ang taong may kasalukuyang sakit na COVID-19 ay maaaring ihawa ang sakit sa iba.  Ito ang dahilan kung bakit ang CDC ay nagre-rekomenda na ang mga pasyente ay ihiwalay kahit sa ospital o sa bahay (depende kung gaano kalubha ang sakit nila) hanggang sila ay gumaling at wala nang panganib na manghawa sa ibang tao.

Kung gaano katagal ang sakit ng isang tao ay magkaiba, kaya ang desisyon kung kailan palalabasin ang isang tao sa isolation ay ginawa batay sa batayan na kaso-sa-kaso kaugnay ang pagkonsulta sa mga doktor, mga eksperto sa pag-iwas at pag-kontrol ng impeksyon, mga opisyal ng pampublikong kalusugan, at kabilang ditto ang pagsasaalang-alang ng mga partikular ng bawat isang situwasyon tulad ng kalubhaan ng sakit, mga bakas at sintomas, at mga resulta ng laboratory testing ng naturang pasyente.

Ang kasalukuyang patnubay ng CDC kung kailan maaaring palabasin ang isang tao mula sa isolation ay pinapagpasyahan batay sa case-by-case basis at kabilang ang pagtugon sa mga sumusunod na kinakailangan:

- Ang pasyente ay wala ng lagnat at hindi gumagamit ng mga gamot na pangbaba ng lagnat.
- Ang pasyente ay hindi na nagpapakita ng sintomas, pati na ang ubo.
- Ang pasyente ay nag-test negative sa hindi bababa sa dalawang magkasunod na respiratory specimens na nakolekta sa loob ng hindi bababa sa 24 na oras apart.
- Ang isang tao na pinalabas mula sa isolation ay hindi ituturing na mapanganib na makahawa sa ibang tao.

**Ano ang gagawin ko kung ako ay napalapit sa taong may COVID-19?**

May mga impormasyon para sa mga tao na napalapit sa isang tao na nakumpirmang mayroon, o sinusuri kaugnay ng COVID-19 na makukuha sa internet. Ang Los Angeles County Health Department ay nag-isyu ng patnubay sa pag-kuwarantina sa bahay para sa mga tao na napalapit sa taong may COVID-19. I-click dito para makita. Ang mga miyembro ng sambahayan, mga intimate partners, at mga tagapangalaga sa isang lugar na hindi kaugnay ng pangangalaga sa kalusugan ay maaaring napalapit sa taong may sintomas, at kinumpirma ng laboratoryo na may COVID-19 o isang taong kasalukuyang sinusuri. Ang mga napalapit ay dapat obserbahan ang kanilang kalusugan; dapat nilang tawagan ang kanilang healthcare provider kaagad pag sila ay nagkaroon ng sintomas na maaaring mag-hudyat ng COVID-19 (halimbawa, lagnat, ubo, hirap sa paghinga).

**Maaaring bang lumipat ang virus na sanhi ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagkain, pati ang mga pagkain na nasa refrigerator o frozen food?**

Ang Coronaviruses ay pangkaraniwang itinuturing na lumilipat sa iba't iba mula sa isang tao sa pamamagitan ng "respiratory droplets" (mga patak na galing sa paghinga). Sa kasalukuyan, walang ebidensya na sumusuporta na ang paglago ng COVID-19 ay kaugnay ng pagkain. Bago maghanda o kumain ng pagkain, mahalaga na laging hugasan ang inyong kamay ng sabon at tubig ng 20 segundo para sa pangkalahatang kaligtasan sa pagkain. Sa loob ng buong araw hugasan ang inyong kamay pagtakapos ng pagbahin, pag umuubo, o pagkagaling sa banyo.

Posibleng magkaroon ng COVID-19 ang isang tao pag humipo ng ibabaw (surface) o bagay na may virus at pagkatapos ay hinawakan ang kanyang bibig, ilong, o mata, ngunit hindi ito itinuturing na paraan kung paaano mahahawa sa virus.

Sa karaniwan, dahil hindi mabubuhay ang mga coronaviruses sa surfaces, mababa ang panganib na kumalat ang virus mula sa mga produkto ng pagkain o packaging na ipinadala sa pamamagitan ng shipment sa loob ng ilang araw o lingo sa hindi temperatura ng silid (ambient), refrigerated, o nagyelo (frozen).

Pag-aralan kung ano ang nalalaman tungkol sa paglago ng COVID-19.

**Ako ba ay may panganib sa COVID-19 mula sa nasa pakete o produkto na ipinadala sa akin mula sa China?**

Marami pang mga hindi nalalaman tungkol sa bagong COVID-19 at kung paano ito lumilipat.

Sa pangkalahatan, dahil sa mahinang kakayahang mabuhay ng mga naturang coronaviruses sa mga surfaces, malamang na mababa ang panganib na lamago ito mula sa mga produkto o pakete na ipinadala sa pamamagitan ng shipping sa loob ng panahon ng ilang araw o lingo sa mga temperatura na "ambient" (ang karaniwang temperatura ng kapaligiran o room temperature sa loob ng bahay). Ang mga coronaviruses ay pangkalahatang iniisip na lumilipat sa pamamagitan ng mga tulo sa paghinga (respiratory droplets). Sa kasalukuyan ay walang ebidensya na sumusuporta ng paglipat ng COVID-19 dahil sa mga imported goods at walang mga kaso ng COVID-19 sa Estados Unidos na may kinalaman sa mga imported goods. Ang impormasyon ay ibibigay sa website ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) kapag ito ay naging available.

**Ang mainit na panahon ay maaari bang magpatigil sa paglago ng COVID-19?**

Hindi pa nalalaman kung ang panahon at ang temperatura ay may epekto sa paglago ng COVID-19. May mga ilang viruses, tulad ng pangkaraniwang sipon at trangkaso, ay lumalago sa malamig na panahon ngunit hindi ibig sabihin na imposibleng magkasakit sa mga viruses na ito sa ibang buwan. Sa ngayon, hindi nalalaman kung ang paglago ng COVID-19 ay bababa pag uminit ang panahon.

**PAANO MO MAPO-PROTEKTAHAN ANG SARILI MO**

**Papaano ko mapo-protektahan ang sarili ko?**

Walang kasalukuyang bakuna sa pag-iwas sa COVID-19. Ang pinakamahusay na pag-iwas sa sakit ay ang pag-iwas sa pagkalantad sa virus na ito. Gayunpaman, bilang paalala, ang Centers for Disease Control (CDC) ay laging nagre-rekomenda ng araw-araw na mga pag-iwas na aksyon para tumulong sa pag-iwas ng paglago ng mga sakit sa paghinga, kabilang ang:

- Iwasang lumapit sa mga taong may sakit.
- Iwasang hawakan ang iyong mata, ilong, at bibig.
- Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.
- Takpan ang iyong ubo o pagbahing ng tisyu, at pagkatapos ay itapon ang tisyu sa basura.
- Linisin at i-disimpektibo ang mga bagay na palaging hinahawakan at ang mga ibabaw sa paggamit ang mga regular na household cleaning spray o pamunas.
- Sumunod sa mga rekomendasyon ng CDC tungkol sa paggamit ng facemask:
    - Hindi inire-rekomenda ng CDC na ang mga taong walang sakit ay gumamit ng facemask para ma-protektahan ang sarili nila mula sa mga respiratory diseases, pati ang COVID-19.

    - Ang mga facemasks ay dapat gamitin ng mga taong may mga sintomas ng COVID-19 para maiwasan ang paghawa sa mga ibang tao. Ang paggamit ng facemasks ay napakahalaga sa mga tagapangalaga ng kalusugan at sa mga taong nangangalaga ng ibang tao sa kanilang kapaligiran (sa bahay o sa healthcare facility).

- Palaging hugasan ang iyong kamay ng sabon at tubig sa loob ng 20 segundo, lalo na pagkatapos gumamit ng banyo; at pagkatapos ng pagbahing o pag-ubo.

    - Kung walang sabon at tubig, gumamit ng alcohol-based hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% na alcohol. Laging hugasan ang kamay ng sabon at tubig kapag ang kamay ay madumi.

Para kumuha ng impormasyon ukol sa paghugas ng kamay, tingnan ang mga patnubay ng CDC.

Sa impormasyon na kaugnay ng pangangalaga sa kalusugan, tingan ang patnubay sa Paghuhugas ng Kamay sa Kapaligiran ng Pangangalaga ng Kalusugan ng CDC (CDC's Hand Hygiene in Healthcare Settings guidelines).

May mga araw-araw na kasanayan na makakatulong sa pag-iwas ng paglago ng ilang mga viruses. Ang CDC ay may mga partikular na patnubay sa mga naglalakbay.

**Kailangang ko bang gumamit ng takip sa mukha (face mask)?**

Nuong Abril 14, 2020, bumoto ang Glendale City Council na kailanganing pagamitin ng takip sa mukha ang sinumang nasa labas ng bahay. Kabilang dito ang paglalakad o pagtakbo sa inyong lugar, pagpunta para kumuha ng mga kinakailangan tulad ng groserya at reseta, pati na ang pagpapalakad ng aso. Makikita ang buong kautusan dito.

Bukod pa dito, ang mga employer ng Esensyal na Negosyo ay kailangang magbigay, sa kanilang gastos, ng non-medical grade na takip sa mukha para sa kanilang mga empleyado.

Upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad, lahat ng mga manggagawa na nagta-trabaho o nagbibigay ng serbisyo na itinuturing na esensyal ay kailangang gumamit ng takip sa mukha na takip ang kanilang ilong at bibig habang nagta-trabaho. Ang kautusang ito ay nalalapat sa mga manggagawa ng esensyal na negosyo na naka-lista sa Los Angeles County Public Health Safer at Home order.

Ang Order – na epektibo mula sa 11:59 p.m. nang Abril 10 at nagpapatupad din sa mga nagta-trabaho sa mga groserya at iba pang mga esensyal na negosyo na gumamit ng takip sa mukha – ay nagdadagdag ng proteksyon laban sa COVID-19.

Sa ngayon, ang mga takip sa mukha ay hindi kailangang "medical-grade masks" o N95 respirators, at maaaring gawa sa tela, tulad ng mga scarf o bandana. Lahat ng mga naturang manggagawa na dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat ding palaging (hindi bababa sa isang beses bawat isang araw) laban ang reuseable (muling magagamit) na takip sa mukha, para sa kanilang kalusugan at kaligtasan at sa kalusugan at kaligtasan ng ibang tao. Ang mga takip sa mukha na isang beses lamang magagamit ay dapat itapon sa basurahan.

Ang mga employer ng lahat ng mga manggagawa na nagta-trabaho sa mga negosyo o nagbibigay ng serbisyo ay dapat pahintulutan ang kanilang mga empleyado na hugasan ang kanilang kamay ng hindi bababa sa bawat 30 minuto.  Lahat ng naturang employer ay dapat magbigay, sa kanilang gastos, ng takip sa mukha na non-medical grade sa kanilang mga empleyado.  Dapat ding tiyakin ng mga nasabing employer na ang kanilang mga empleyado ay may magagamit na malinis at sanitaryong banyo, na may sapat na mga kinakailangang produkto na panlinis; o isang pang-sanitaryong ahente na magpapatupad ng mga panuntunan sa sanitasyon ayon sa rekomendasyon ng Los Angeles County Department of Public Health, sa gastos ng employer.  Ang mga employer ay dapat magpatupad ng social distancing para sa mga kustomer, mga bisita, at mga empleyado na anim na talampakang layo (six-foot distance) sa bawat isang tao.

Lahat ng mga kustomer at bisita ng mga negosyo at organisasyon ay dapat gumamit ng takip sa mukha na tatakip sa kanilang ilong at bibig para magbigay ng karagdagang proteksyon sa mga empleyado at kustomer.  Sa ngayon, ang takip sa mukha ay hindi kinakailangang medical-grade masks o N95 respirator, at maaari itong gawa sa tela, tulad ng mga scarf at bandana.

Ang may-ari ng negosyo o tagapamahala ay maaaring hindi magpapasok o tumangging silbihan ang sinumang indibidwal na walang takip sa mukha ayon sa kautusan ng Order na ito.  Bukod pa dito, lahat ng mga negosyong retalya ay hinihingkayat na mag-install ng plexiglass para paghiwalayin ang mga kahera at mga kustomer sa bawat punto ng pagbabayad.  Ang mga ito ay rekomendasyon at hindi requirements.

**Ano ang dapat kung gawing kung ako ay natatakot, nababagabag o lubhang nabalisa dahil sa COVID-19?**

Ang mga taong may preexisting mental health conditions ay dapat ipagpatuloy ang kanilang treatment at bigyan-pansin ang kanilang bago o lumalalang sintomas. Ang mga karagdagang impormasyon at resources ay makikita sa website ng US Department of Health & Human Services Substance Abuse and Mental Health Services Administration.

Ang pangangalaga sa iyong sarili, mga kaibigan, at sa iyong pamilya ay tutulong sa iyong kakayanang magapi ang iyong pagkabalisa.  Ang pagtulong sa ibang tao sa kanilang pagkabalisa ay makakatulong din sa paglakas ng ating komunidad.

Kabilang sa mga karagdagang bagay na maaari mong magawa para tulungan ang sarili mo sa panahong ito ay:

- Magpahinga at iwasan ang tuloy-tuloy na panonood, pagbabasa, o pagdinig ng mga balita, pati na ang social media.  Ang paulit-ulit na pagdinig ng mga balita tungkol sa pandemic ay nakakabagabag.

- Alagaan ang iyong katawan. Huminga ng malalim, mag-inat, o magnilay. Magsikap na kumain ng masustansya at balanseng pagkain, regular na mag-ehersisyo, matulog ng sapat na oras, iwasan ang droga at alkohol.

- Maglaan ng panahon sa pagpapahinga.   Magsikap na gumawa ng mga aktibidad na kinakasiyahan mo.

- Makipag-ugnay sa ibang tao. Makipag-usap sa mga taong pinagkakatiwalaan mo tungkol sa iyong mga pinag-aalalahan at mga damdamin.

Ang LA County Department of Mental Health ay gumawa ng mga impromasyon tungkol sa angkop na paggapi sa pagkabalisa sa panahong ito na nakasalin sa 13 ibat-ibang wika na karaniwang ginagamit ng mga naninirahan sa LA County. I-click dito upang makita ang impormasyon sa iyong wika.

**Ano pa ang magagawa ko?**

- Maghanap ng healthcare provider kung wala ka pang isang healthcare provider.

- I-update ang inyong emergency kits ng pagkain, tubig at mga supplies na aabot ng ilang araw ng paggamit kung sakaling kinakailangang ma-quarantine. Bagaman hindi ito malamang mangyari, importante na nakahanda ka tulad ng paghahanda sa anumang emerhensiyang pangyayari. Alamin ang Emergency Preparedness & Response ng Lungsod ng Glendale, at kung ano ang dapat ilagay sa iyong emergency kit dito.

- Patuloy na hiyakatin ang malugod na kapaligiran para sa LAHAT ng miyembro ng ating komunidad.

- Laging makipag-ugnay sa mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan ng mga napapanahon at wastong impormasyon tungkol sa coronavirus:

    - Los Angeles County Department of Public Health (LACDPH, County)
        - http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/

    - California Department of Public Health (CDPH, State)
        - https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/nCOV2019.aspx

    - Centers for Disease Control and Prevention (CDC, National)
        - http://www.cdc.gov/coronavirus/novel-coronavirus-2019.html

    - World Health Organization (WHO, International)
        - https://www.who.int/health-topics/coronavirus

**Anong ginagawa ng Glendale tungkol sa COVID-19?**

Nuong Marso 16, 2020, ang Lungsod ng Glendale ay nag-isyu ng local emergency proclamation na tugon sa COVID-19 pandemic karagdagan sa ibat-ibang hakbang  na kasalukuyang ipinapatupad sa Lungsod para protektahan ang publiko sa panganib sa paglago ng virus.  Upang pabagalin ang paglago ng COVID-19, simula sa Marso 17, 2020 sa 12:00 am, lahat ng mga bars, banquet halls, at nightclubs sa Lungsod ng Glendale na hindi nagsisilbi ng pagkain, pati na ang mga gyms, movie theaters, at iba pa ay ipinasara sa

publiko. Gayun din, ang Lungsod ng Glendale ay nag-isyu ng baong emergency orders regarding evictions and the closure of adult day care centers, at binago ang mga serbisyo ng lungsod at mga late fees.

Ang Police Department at Community Services & Parks Department ng Glendale ay masigasig na nagta-trabaho upang protektahan ang ating pinaka-vulnerable na residente sa COVID-19, at magkakaisa sa pagbibigay ng mga packaged meals arw-araw sa mga taong walang tirahan.

Karagdagan at sa pagsisikap na tulungan ang ating mga populasyong walang silungan na manatiling malinis at iwasan ang pagkalat ng COVID-19, ang Public Works Department ng Lungsod ay gumagawa ng tuloy-tuloy na pagsisikap na pabutihin ang kalinisan ng mga pasilidad sa buong Lungsod. Ang Lungsod ay magtataguyod ng mga portable na istasyon ng paghuhugas ng kamay, pati na ang mga banyo sa kabuuan ng Glendale.

Ang mga lugar ng istasyon sa paghuhugas ng kamay ay nasa:

- Ascencia
- Catholic Charities
- Armenian Relief Society
- First Baptist Methodist Church

Ang mga banyo at lugar ng istasyon sa paghuhugas ng kamay ay nasa:

- Carr Park
- Pacific Park
- Cerritos Park
- Central Park
- Palmer Park

Tingnan dito ang mapa ng mga pasilidad.

Ang Glendale Water & Power (GWP) ay hindi magpuputol ng serbisyo ng kuryente o tubig at hindi rin magpapataw ng mga late fees hanggang sa April 2020 sa mga kustomer dahil sa hidi pagbabayad ng kanilang mga utility bills. Hinihikayat ang mga kustomer na makipag-ugnay sa GWP para humiling ng alternatibong paraan ng pagbabayad. Bilang paalala, hindi tatawagan ng GWP ang mga kustomer para hingan ng bayad at hindi magbabantang puputulin ang serbisyo. Alamin ang mga opsyon sa pagbabayad dito.

Nag-aalok din ang Lungsod na serbisyo sa pagkain at pamimili ng grocery para sa mga matatanda at mga mahinang miyembro ng populasyon sa Community Services & Parks at Glendale Fire Departments. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagkain sa matanda (senior meals), tumawag sa (818) 548-3775.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa serbisyo sa pamimili ng grocery, tumawag sa (818) 548-4814. Ang dalawang linyan ito ay magagamit Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am – 5:00 pm.

Ang Economic Development Division ng Lungsod ay nakikipag-ugnay sa mga lokal na negosyante upang ialok ang mga serbisyo sa panahong ito. Alamin ang mga Emergency Business Resources at Emergency Marketing Resources ng Lungsod.

Ang parking enforcement division ng Lungsod ay nagsagawa ng mga sumusunod na pansamantalang pagbabago sa kanilang patakaran ng pagpaparada para mabawasan ang pinasyal na pansanin ng mga residente at lokal na negosyo:

- Pag-suspindi ng street sweeping restrictions sa mga residential neighborhoods.
- Lahat ng metered parking spaces ay gagawing libre sa una 20 minuto para padaliin ang pagpapadala at pag-pick up ng pagkain sa mga restawran. Pagkalipas ng 20 minuto, ang mga bayad sa pagparada sa mga spaces ay ipapatupad ng karaniwan ayon sa nakapaskil na regulasyon.
    - Hinihikayat ang mga restawran ng nagbibigay ng take-out at delivery na mag-download at pagpaskil ng signs na ginawa ngEconomic Development para madaling makilala ng mga lugar na ito.

Ang staff ay patuloy na magpapatupad ng:

- Ibang mga No Parking zones
- Limitasyon ng oras ng lahat ng may kulay na curb
- Driveway blocks
- Preferential parking districts
- 72-oras na paglabag sa parking (bago ipa-tow ang sasakyan sa mga resiydensyal na lugar, kung ang sasakyan ay naka-parada sa lugar nan aka-rehistro, sisikapin naming makipag-ugnay san aka-rehistrong may-ari ng sasakyan). Ang mga iniwang sasakyan ay ito-tow.
- Emergency access at paglabag sa pampublikong kaligtasan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagparada sa mga alleyways, pagharang sa mga hydrants na pampatay ng sunog, at pagparada sa mga fire lanes

Ang mga garaheng paradahan ay patuloy na bukas at magagamit. May mga karagdaang hakbang ang isasaalang-alang habang nagbabago ang situwasyon

Habang hindi bukas ang mga librerya, ang mga due date ng mga material na hiniram sa librerya ay pinahaba, at lahat ng multa/late fees ay aalisin. Ang mga material na naka-hold ay mananatiling on hold hanggang muling pagbukas ng librerya. May mga library resources online.

Ang aming website, Glendaleca.gov, ay binabago ayon sa mga pinakahuling impormasyon tungkol sa mga patakaran at pagsara ng mga serbisyo sa Glendale kaugnay ng Coronavirus.

Patuloy naming masigasig na sinusundan at ipapabahagi ang lahat ng mga bagong kalabasan at mga rekomendasyon ng CDC sa aming mga residente at community partners sa aming pagsisikap na gumawa pa ng mga karagdagang naaangkop na hakbang.

**ANG SAFER AT HOME ORDER**

**Ano ang Safer at Home order?**

Epektibo kaagad mula nuong Marso 21, 2020 at magpapatuloy hanggang Mayo 15, 2020, lahat ng mga publiko at pribadong pagpupulong ng grupo at mga pagtitipon ay ipinagbabawal saanman na saklaw ng Los Angeles County Public Health Jurisdiction, kabilang ang Glendale. Lahat ng tao ay dapat manatili sa kanilang bahay o sa kanilang tirahan, maliban na lamang kung maglalakbay patungo sa mga Esensyal na Negosyo para mag-trabaho o magbigay ng serbisyo sa Healthcare Operation o Imprastrukturang Esensyal, upang magsagawa ng Esensyal na Aktibidad, o lumahok sa aktibidad sa labas ng indibidwal o ng pamilya, habang isinasagawa ang social distancing. Ang paglabag ay maaaring patawan ng misdemeanor at maaaring patawan ng multa o parusahan ng pagkabilanggo.

Nuong Biyernes ng gabi ng Marso 20, isang Executive Order ang inilabas ng California State Public Health Officer at ng Director ng California Department of Public Health na **naguutos na lahat ng mga indibidwal na nakatira sa Estado ng California ay dapat manatili sa bahay o sa kanilang tirahan**, maliban na lamang kung kinakailangan sa pagpapatuloy ng pagpapatakbo ng mga kritikal na sector ng pederal na imprastruktura.

Basahin ang Executive Order (pdf) ng Estado. Tingnan ang listahan ng Essential Critical Infrastructure Workers (pdf).

Basahin ang order ng LA County dito.

**Bakit ipinatutupad ang order na ito?**

Ang layunin ng Safer at Home ay bawasan ang patuloy ng paglago ng coronavirus sa ating komunidad at upang tiyakin na ang ating mga ospital ay maaaring mangalaga at gumamot ng mga pasyenteng nangangailangan ng pangangalaga.

**Maaari ba akong lumabas?**
Oo.

**Maaari ba akong umalis sa Los Angeles County at bumalik sa Los Angeles County pag wala ako dito?**
Oo.

**Maaari ba akong magmaneho, maglakad, mag-hike, sumakay sa bisikleta o motorsiklo, o gumamit ng pampublikong transportasyon o gumamit ng serbisyong share ride?**
Oo.

**Maaari ba akong tumanggap ng mga deliveries galing sa mga online stores?**
Oo. Ang mail at iba pang serbisyo ng pagpapadala sa bahay ninyo ay magpapatuloy, pati na rin ang mga food delivery services.

**Kailangan ko bang mag-stock up ng pagkain, mga pangangailangan tulad ng toilet paper, at ng medisina?**

Hindi. Maaari kang patuloy na bumili ng mga item na ito pag kailangan mo. Ang mga retailer ay patuloy na nagtitinda ng mga item na kailangan, pati na ang mga pamilihan ng grocery, mga parmasya, at mga hardware stores, ay mananatiling bukas. Mangyaring bumili lamang ng sapat na dami ng mga kailangan para sapat na magamit ng lahat.

**Anong mga negosyo ang itinuturing na esensyal?**

Ang mga grocery stores, certified farmer's markets, mga restawran (delivery o takeout lamang), food cultivation, livestock, pagsasaka, pangingisda, serbisyong panlipunan, news media, gubyerno, pampublikong kaligtasan, mga istasyon ng gas, auto repair at supply, car dealerships, mga bangko, credit unions, mga pampinansyal na institusyon, hardware stores, nurseries, kagamitan ng mga gusali, pet wellness at grooming, mga tubero, elektrisyan, exterminators, custodial/janitorial workers, handyman services, funeral home workers at morticians, serbisyo sa paglipat, HVAC installers, karpintero, landscapers, hardinero, property managers, private security, mailing at shipping services, laundromats, dry cleaners, laundry service providers, computer o office supplies, shipping o pagmamaneho ng trak ng mga esensyal na kalakal, imprastruktura, mga konstruksyon sa gawaing pampubliko, konstruksyon ng mga pabahay, mga paliparan, mga daungan, tubig, alkantarilya gas, elektrikal, oil refining, kalsada at mga highway, pampublikong transportasyon, pangungulekta at pagtanggal ng basura, mga sistema ng internet at telecommunication, mga pasilidad sa pangangalaga ng mga bata, mga home-based care o residensiyal na pasilidad para sa mga seniors o may mga kapansanan, mga serbisyong legal, serbisyo sa payroll o accounting, militarya o defense contractors, mga ospital, klinika, laboratory, mga dentista, parmasya, mga kumpanyang parmasyutiko at biotechnology, iba pang mga lisensyadong pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan, mga healthcare suppliers, mga home healthcare service providers, mental health providers, mga lisensyadong dispensaryo ng medical cannabis, medikal o scientific research, mga hotel, mga rental units, at mga supplier ng mga kalakal na ginagamit ng mga iba pang mga esensyal na negosyo.

**Papaano mako-kontrol ng mga negosyo ang mga pagtitipon?**

Para sa lahat ng mga pagtitipon na hindi ipinagbabawal at para sa lahat ng mga esensyal na negosyo, ang mga indibidwal ay dapat:

- Isagawa ang social distancing sa loob ng lugar ng pagtitipon sa pamamagitan ng paghihiwalay sa mga tao ng anim (6) na talampakan (6 feet) ang layo sa bawat isa, hangga’t maaari;

- Magbigay ng magagamit na pasilidad sa paghuhugas ng kamay na may sabon at tubig o hand sanitizer na may laman na hindi bababa sa 60 porsiyentong alkohol;

- Magpaskil ng sign sa lugar na kitnag-kita sa pasukan ng publiko sa lugar ng pagtitipon na nagsasabi  sa mga miyembro ng publiko na huwag silang dadalo kung sila ay nakakaranas ng mga sintomas ng sakit sa paghinga, pati na ang lagnat o ubo; at

- Sumunod sa mga rekomendasyon ng Los Angeles County Department of Public Health tungkol sa pag-kontol ng nakakahawang sakit.

- Tiyakin na ang lahat ng mga kustomer ay gumagamit ng takip sa mukha.

**Anong negosyo ang hindi itinuturing na esensyal at kailangang isara?**

ANG MGA KAUTUSAN AY NAG-UUTOS NG PAGSARA NG MGA SUMUSUNOD NA URI NG KOMERSYAL NA PROPERTY AT MGA NEGOSYO SA LALONG MADALING PANAHON:

- Mga Hindi-Esensyal na Negosyong Retalye

- Lahat ng retalye na hindi naka-lista bilang esensyal na negosyo, kabilang ang mga indoor malls, ay dapat isara.  Ang mga esensyal na negosyo na nasa loob ng indoor malls ay maaaring manatiling bukas kung sila ay may sariling pasukan na hiwalay sa pasukan ng mall;

- Mga bars at nightclub;

- Mga sinehan, drive-in theaters, mga lugar ng live performances, concert halls areas, at stadiums;

- Mga bowling alley at arcades;

- Mga gyms at fitness centers;

- Mga wineries, Breweries, at Tap Rooms (ang bahagi na nagsisilbi ng pampublikong pag-konsumo);

- Mga sentro ng pag-aayos tulad ng salon sa kuko at buhok;

- Mga golf courses, Tennis, Volleyball at Basketball Courts;

- Mga tindahan ng sigarilyo at tabako;

- Mga tindahan ng damit;

- Mga negosyo sa paglilinis ng sasakyan;

- Mga palaruan sa loob at sa labas (maliban na lamang kung nasa loob ng mga childcare center);

- Mga Flea Markets at Swap Meets.

**Maaari ko bang dalin ang pamilya ko sa palaruan?**

Hindi, ang mga pasilidad ng palaruan ay sarado, subalit maaari kang maglakad sa parke.

**Paano ako makakatulong sa aking komunidad?**

Unang-una sa lahat, tinutulungan mo ang iyong komunidad sa pamamagitan ng pananatili sa iyong bahay hangga't maaari; gayunpaman may mga ligtas na paraan kung paano ka makakatulong. Maaari kang mag-donate ng pera sa mga lokal na nonprofit, gumawa ng "wellness checks" sa mga mahal sa buhay sa telepono, mag-ipon ng mga hygiene kits pasa sa iyong lokal na homeless shelter, o mag-donate ng dugo.

**IMPORMASYON & RESOURCES PARA SA MGA TAONG APEKTADO NG COVID-19**

**Ang deadline ba sa pag-file ng federal taxes ay pinahaba?**

Oo, ang deadline sa pagbayad ng pederal na buwis ay pinahaba sa Hulyo 15, 2020.

**Ang deadline ba sa pag-file ng California tax returns ay pinahaba?**

Oo, lahat ng taxpayers ng California (mga indibidwal at businesses) ay maaaring mag-file at magbayad hanggang July 15, 2020.

Tingnan ang CA Franchise Tax Board para sa karagdagang impormasyon.

Tingnan ang U.S. Internal Revenue Service para sa karagdagang impormasyon**.**

**Paano ang tungkol sa county property taxes? Binago ba ang deadline nito?**

Ang deadline sa pagbabayad ng property taxes ay hindi pa nagbago. Ang LA County ay walang awtoridad na pahabain ang deadline na Abril 10 na nakabalangkas sa batas ng Estado. Gayunpaman, simula sa Abril 11, ang mga taong hindi nakabayad sa tamang panahon dahil sa COVID-19 ay maaaring mag-sumite sa online ng kahilingan na tanggalin ang penalty. Mangyaring tingnan ang LA County Office of the Assessor para sa mga bagong impormasyon.

**Ako ba ay paaalisin pag hindi ako nakabayad ng upa dahil sa mga pangyayaring kaugnay ng COVID-19?**

Ang Glendale City Council ay nagpatibay ng Emergency Order na nagpapatupad ng mga hakbang para protektahan ang publiko ng Glendale at pigilin ang paglago ng COVID-19 virus. Kabilang sa mga ito ang pansamantalang moratoryo sa pagpapaalis sa mga residensyal at komersyal na pangungupahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa para sa mga tenant na hindi makabayad ng upa dahil sa mga pangyayaring kaugnay ng COVID-19 pandemic at ng pansamantalang moratoryo sa pagtaas ng renta para sa mga residensyal ng pangungupahan. Nuong Marso 27, 2020, nag-isyu si Gobernador Newsom ng Executive Order N-37-20, na naka-apekto rin sa pagpapaalis ng mga residensyal na pangungupahan. Nuong Abril 6, 2020, ang California Judicial Council ay nag-isyu ng Emergency Order No. 1, nan aka-apekto sa pag-sampa ng mga reklamong unlawful detainer. Hinihingkayat namin kayong pag-aralan ang mga order na ito sa kanilang kabuuan.

**Pagbabawal ng Pagpapaalis: (Residensyal at Komersyal na Pangungupahan)**

- Ang mga landlord ay hindi maaaring mag-file ng unlawful detainer action laban sa residensyal o komersyal na tenant na hindi makabayad ng renta dahil sa pangyayaring kaugnay ng COVID-19 pandemic.

- Ang mga tenant ay dapat magbigay ng dokumentong nagsasaad ng dahilan ng kanilang hindi kakayanan sa pagbabayad ng renta at ng kaugnayan nito sa COVID-19 pandemic. Kabilang sa mga naturang pangyayari ang:

- Mangyaring alalahanin na ang California Judicial Council ay nagpalawak ng paghihigpit na nagbabawal sap ag-file ng unlawful detainer, maliban na lamang kung kinakailangan para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko.

- Para sa mga komersyal na nangungupahan, isang nakasulat na paunawa ng kanilang walang kakayahan sa pagbabayad ng renta ay dapat ibigay sa landlord 14 na araw bago sa petsa ng nakatakdang pagbababyad ng renta, maliban sa rent ana nakatakdang bayaran sa Abril, at sa kasong ito ang paunawa ay dapat ibigay sa landlord sa lalong madaling panahon. Ang mga kautusang ito ay epektibo hanggang sa Mayo 15, 2020 ngunit maaaring pahabain pa kung kinakailangan.

- Ang mga tenant ay bibigyan ng hanggang 12 na buwan pagkatapos ng emergency order para bayaran ang mga renta ipinagpaliban dahil sa mga pangyayaring kaugnay ng COVID-19.

- Ang paghihigpit na ito ay hindi nalalapat sa pagpapaalis na nagsimula bago sa petsa ng pagpapatupad (effective date).

- Hindi maaaring maningil ang landlord ng late charges, multa o interes sa mga hindi nabayarang renta, o manligalig o manggulo sa pagtatangkang kumolekta ng hindi rentang ipinagpaliban, kung ang renta ay ipinagpaliban sa panahon ng kasalukuyang emerhensiya.

**Pagbabawal sa Pagtaas ng Renta/Rent Freeze: (Residensyal na Pangungupahan Lamang)**

- Ang pagtaas ng renta ay ipinatigil epektibo sa Marso 24, 2020 kahit na kailan ibinigay ang paunawa sa pagtaas ng renta.

- Hindi maaaring mag-isyu ang mga landlord ng bagong pagtaas ng renta hanggang sa katapusan ng emergency order, kahit na an pagtaas ay ginawang epektibo pagkatapos ng pagpapatupad ng order.

- Ang anumang pagtaas ng renta na ibinigay sa pagitan ng Marso 25, 2020 at sa katapusan ng emergency order ay kailangang muling i-isyu pagkatapos ng pagpapatupad ng order.

- Ang rent freeze ay nalalapat sa lahat ng mga residensyal na paupahan sa Lungsod ng Glendale, maliban ang mga apartment na itinayo pagkalipas ng Pebrero 1, 1995, mga indibidwal na condominium unit, at mga single family dwelling. Nalalapat din ito sa mga accessory dwelling unit at mga silid ng hotel na pinauupahan ng pangmatagalan (extended stays).

**Ang pagbabawal sa pagtaas ng renta ay ipinatutupad hanggang Mayo 15, 2020 ngunit maaaring pahabain kung kinakailangan.**

**Sa mga katanungan tungkol sa rent freeze at sa moratoryo sa pagpapaalis, mangyaring tumawag sa (818) 548-3926 o mag-email sa Rent@glendaleca.gov**

**Paano kung ako ay nahihirapang magbayad ng aking mga utility bills?**

Hindi puputulin ng Glendale Water & Power (GWP) ang kuryente o serbisyo ng tubig o magpapataw ng singil sa late charge hanggang Abril 2020 sa mga kustomer dahil sa hindi pagbabayad ng kanilang utility bills. Ang mga kustomer ay hinihikayat na kontakin ang GWP para makipag-ayos ng alternatibong paraan sa pagbabayad. Bilang paalala, hindi tatawagan ng GWP ang mga kustomer nila para hinganat magnata na isasara ang serbisyo. Alamin ang mga opsyon sa pagbabayad dito.

Inihayag ng Southern California Gas Company na pansamantala nilang sinuspindi ang pagtigil ng mga serbisyo ng mga residensyal na kustomer na nahihirapang magbayad ng kanilang bill, kahit na sila ay nakatanggap ng awtomatikong 48 na oras na paunawa sa pagputol ng serbisyo. Nagaalok din sila ng tulong ukol sa pagbabayad ng mga bill. Inalis din nila ang mga singil sa late payment ng mga small business customers. Alamin ang mga ginagawa ng Southern California Gas Company para tugunan ang paghihirap na kaugnay ng COVID-19 dito.

**Paano kung ako ay matanda at may kundisyong naghahadlang sa aking pagalis sa bahay?**

Ang Glendale Fire Department ay nagbibigay ng delivery services ng mga groceries at essential goods para sa mga Glendale seniors at mga indibidwal na mataas ang panganib na mahawa sa COVID-19. Yung mga nangangailangan ay maaaring tumawag sa (818) 548-4814, Lunes - Biyernes, 8:00 am - 5:00 pm, para humingi ng serbisyo.

Ang Economic Development Division ng Lungsod ng Glendale ay gumawa ng listahan ng mga lokal na pamilihan ng grocery na nagbibigay ng espesyal ne serbisyo para sa mga seniors (65+) at mga mahinang (vulnerable) grupo:

- Trader Joe's, Montrose & Glenoaks na lokasyon
    - Madaling pagpasok
    - May prayoridad sa checkout
    - Tulong sa pamimili – ang mga items ay ibubukod

- Ralphs, Central, Glendale & Colorado na lokasyon
    - May prayoridad sa checkout
    - Tulong sa pamimili
    - Mas mababa sa 10 minutos na paghihintay sa checkout

- Whole Foods Market, 331 N. Glendale Ave.
    - Bukas ng isang oras na mas maaga sa mga seniors lamang, 7:00 – 8:00 am

- Jons, Colorado & Glenoaks na lokasyon
    - Espesyal na oras na bukas lamang para sa mga seniors, Martes at Huwebes, 8:00 – 9:00 am

- Target, Glendale Galleria
    - Espesyal na oras na bukas para sa mga seniors tuwing Miyerkules, 8:00 am – 9:00am

- Smart & Final, Glenoaks & Verdugo na lokasyon
    - Espesyal na oras na bukas para sa mga seniors, 7:00 am – 8:00 am
    - Tulong sa pagkarga ng mga groceries sa kotse
    - Ang mga oras na ito ay nalalapat sa mga may kapansanan pati na rin sa mga babaing buntis

- Super King Markets, 6501 San Fernando Rd.
    - Madaling pagpasok
    - Tulong sa pamimili
    - Prayoridad sa checkout

- Dollar King, 1222 E. Colorado Blvd.
    - Espesyal na oras na bukas para sa mga seniors lamang, 7:00 – 8:00 am

Maraming mga pamilihan ng grocery ang nagbago ng kanilang oras ng pagbukas. Mangyaring alamin muna ang mga oras ng pagbukas bago pumunta.

Karagdagan, kahit na sarado ang mga pasilidad ng senior center, ang Community Services and Parks Department ng Lungsod ng Glendale ay bumuo ng contingency plan para tuluyang magpakain sa mga seniors at ating komunidad na bahagi ng Elderly Nutrition Program.

Simula sa Marso 20, 2020, ang plano sa pamamahagi ng pagkain sa mga seniors na kasalukuyang naka-enrol sa Elderly Nutrition Program (ENP) ay ang mga sumusunod:

- 7 araw ng frozen meals sa mga senior na may abilidad na painitin at itabi ang pagkain sa refrigerator/freezer.
- Pag-deliber ng staff ng Lungsod o opsyon na kunin ng senior o ng kaibigan/pamilya/kinatawan ng senior sa nakatalagang araw sa pagitan ng 3:00pm-4:00pm
- Pagkain na nakalagay sa Brown Bag ang ipamimigay sa mga walang abilidad na magpainit o magtabi ng mga frozen meals at mga bagong kliyente* sa dalawang lugar:
    - Adult Recreation Center – 201 East Colorado, Glendale, CA 91205 – 7 araw bawat isang linggo
        - Oras ng pagkuha ng Brown Bag Lunch ay 11:30am-12:30pm sa pasukan sa Main Lobby na malapit sa Glendale Central Library
    - Sparr Heights Community Center – 1613 Glencoe Way, Glendale, CA 91208 – Lunes – Biyernes LAMANG
        - Oras ng pagkuha ng Brown Bag Lunch ay 11:30am-12:30pm sa pasukan ng Paloma Ave.

*Ang mga bagong kliyente ay dapat mag-fill out ng Universal Intake Form bago tumanggap ng pagkain:

- Ang mga Bagong Kliyente ay dapat 60 gulang o mahigit;
- Ang availability ay batay sa supply

Para makakuha ng impormasyon tungkol sa senior meal program ng Lungsod, mangyaring tumawag sa (818) 548-3775, Lunes – Biyernes, 8:00 am – 5:00 pm.

**Gaano katagal sarado ang mga paaralan?**

Ang California Department of Education at ang LA County Office of Education ay nagpahayag na ang pagsara ng mga paaralan sa buyong LA County ay pahahabain hanggang Martes, Mayo 5, 2020. Ang Glendale Unified School District (GUSD) ay nagbibigay ng mga updates sa GUSD coronavirus information page. Ang mga pribadong paaralan ay maaaring kontakin ng direkta para sa mga impormasyon at updates.

Naglabas ang California ng patnubay sa K-12 para tulungan ang mga pinuno ng edukasyon na tugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga estudyante na apektado ng pagsara ng mga paaralan, na binigyang-tuon an tulong sa mga anak ng mga pamilayang mababang kita at yong may mga kapansanan. Saklaw ng patnubay ang:

- Pag-aaral sa malayo at sariling pag-aaral (Distance learning at independent study)
- Pag-deliver ng School meal
- Pagtulong sa mge estudyanteng may kapansanan
- Pangangalaga at superbisyon ng mga bata

Ang California Department of Public Health ay naglabas ng patnubay para sa mga kolehiyo at unibersidad.

Para sa mga kolehiyo at Universidad, tingnan ang:

- University of California
- California State University
- California Community Colleges

**Paaano kung umaasa ako sa programa ng kainan sa paaralan at nahihirapan akong pakainin ang aking pamilya?**

Mula sa Marso 24, 2020, lahat ng mga batang 18 taong-gulang o mas bata pa ay maaaring makakuha ng agahan at pananghalian.  Maaaring kunin ito ng mga magulang sa mga nakatalagang lugar. Ang karagdagang detalye ay maaaring makuha dito.

**Ano ang magagawa ko pag ako ay nagkasakit at hindi makapag-trabaho o naka-quarantine dahil sa COVID-19?**

Maari mong gamitin ang bayad na sick leave kung ang trabaho mo ay nag-alok nito.  Kung hindi ka makapag-trabaho dahil sa pagkasakit ng o pagkalantad sa COVID-19 maaari kang mag-file ng Disability Claim Insurance. Maari ka ring mag-file ng Worker’s Compensation Claim kung ikaw ay nalantad sa coronavirus sa trabaho.

Sa mga taong hindi nakakuha ng bayad na leave, ang mga estado (California Family Rights Act) at pederal na batas (Family and Medical Leave Act) ay maaaring kang maging karapat-dapat sa hanggang 12 linggo ng “unpaid, job-protected leave” bawat isang taon.

**Kailangan ko ba ng sulat o sertipikasyon galing sa medical provider para mag-file ng unemployment?**

Hindi, ang sertipikong medikal ay hindi kailangan. Nandito ang karagdagang impormasyon kung sino ang eligible sa Unemployment Insurance.

**Paano kung hindi ako makapag-trabaho dahil nag-aalaga ako ng taong may sakit o nasa quarantine?**

Maaari mong gamitin ang paid sick leave kung mayroon ka nito sa iyong trabaho. Maari kang mag-file ng Paid Family Leave claim.

**Ano ang maaari kong gawin kung ang aking oras ng trabaho ay binawasan dahil sa COVID-19?**

Maaari kang mag-file ng Unemployment Insurance claim.

**Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako makapag-trabaho dahil sa pagsara ng mga paaralan?**

- Maaari kang mag-file ng Unemployment Insurance claim.
- May iba pang mga opsyon na makukuha. Tingnan ang Benefits for Workers Impacted by COVID-19.

**Paano kung ako ay employer/small business owner at kailangan ng patnubay?**

Para magpanatili ng ligtas na lugar ng trabaho:
- Hikayatin ang mga may sakit na empleyado na manatili sa bahay.
- Magtatag ng routine ng paglilinis ng buong lugar ng trabaho.
- Bawasan ang paglalakbay. Kung maaari, hikayatin ang paggamit ng video conferencing at limitahan ang pagpupulong ng maraming tao.
- Tingnan ang Cal/OSHA Interim Guidance for General Industry.
- Sumunod sa CDC guidance on keeping the workplace safe (pdf).

Employers can avoid laying off employees if their business is impacted by COVID-19 by applying for the Unemployment Insurance (UI) Work Sharing Program.

Para tulungan ang mga maliliit na negosyo sa pangangailangang pinansyal, ang U.S. Small Business Administration ay nagbibigay ng mababang-interes na federal disaster loans sa mga maliliit na negosyong naghihirap dahil sa epektong pinansyal ng COVID-19.

**Ano ang ginagawa ng Lungsod ng Glendale para tulungan ang mga negosyo sa komunidad?**

Ang Lungsod ng Glendale ay tapat sa kapwa pisikal at piskal na kalusugan ng ating komunidad. Ang Community Development Department ng Lungsod ay nanananliksik ng mga paraan para pansamantalang paginhawain ang epekto ng COVID-19 sa ating komunidad sa negosyo. Ang mga paraan na kasalukuyang sinusuri ay kabilang ang pagsasagawa ng pansamantalang mga lugar ng pagkuha ng pagkain (curbside pick-up locations) at paggawa ng mga kampanya sa pagsulong at pagtaguyod ng mga lokal ng pangangalakal.

Mayroon ding mga ibat-ibang resources ang estado at pederal para sa mga maliliit na maliliit na negosyo na nakakaranas ng pinansyal paghihirap. Ang U.S. Small Business Administration ay nagpahayag ngayon

na magbibigay ito ng “disaster loan assistance” para sa mga negosyo na nasa Los Angeles County, kabilang sa mga lugar na lubhang na-apektuhan. Para sa karagdagang impormasyon, i-click dito.

Ang Economic Development Division ay sabik na makipag-usap sa inyo para lubos na maunawaan ang inyong pangangailangan.  Kung nais mong makipag-usang ng direkta sa Lungsod ng Glendale tungkol sa iyong mga alalahanin, mga mungkahi at rekomendasyon kung paano ka matutulungan ng Lungsod sa hindi pangkaraniwang panahong ito, mangyaring makipag-ugnay sa amin at manatiling may kaalaman ayon sa nakahayag sa ibaba:

- Paano makipag-ugnay sa Lungsod ng Glendale
  - Phone: (818) 548-2005 o sa COVID-19 hotline (818) 548-3301.
  - Email: ChooseGlendale@glendaleca.gov
- Sabihin sa amin kung anong ang kalagayan mo at ng iyong mga empleyado.
- Suporta sa Marketing
  - Ang team naming ay sumusuporta sa mga lokal na negosyo sa pamamagitan ng pag-alok ng suporta sa marketing na walang bayad sa aming mga social media platforms @chooseglendale. Ipaalam sa amin kung pansamantala mong binago ang paraan ng iyong pangangalakal o kung binago mo ang iyong oras ng trabaho, maaring kaming tumulong na ipaalam ito sa pamamagitan ng aming mga social media channels.

**May mga tao ba na nagbibigay ng serbisyo sa pag-test ng COVID-19 sa bahay?**

Wala. Mangyaring alamin na WALANG mga manggagawa na tagapangalaga ng kalusugan, mga personnel sa pagpapatupad ng batas, o anumang ahensya ng gubyerno ang kakatok sa bawat isang bahay upang i-test ang mga tao sa COVID-19. Pag may nakita kang tao na nag-aalok ng ganitong serbisyo, tanggihan mo ito at i-report ito sa lokal na nagpapatupad ng batas. Ang mga scammer ay mga kriminal ng oportunidad; kaya dapat tayong manatiling maingat sa pagsasaalang-alang ng mga serbisyong hindi hinihingi. Pinapahalagahan namin ang inyong tulong sa pagpapanatili ng kaligtasan ng ating komunidad.